LIHAM NG PALIWANAG

Petsa: Hulyo 12, 2026

Para sa Kinauukulan:

Magandang araw po.

Ako po si Romina Soriano Mendioro, aplikante para sa scholarship. Magalang ko pong ipinapaabot ang aking paliwanag kung bakit hindi ko po maisumite ang hinihinging Income Tax Return (ITR) ng aking magulang.

Ang aking mga magulang ay walang naihahaing Income Tax Return (ITR) dahil wala po silang regular na pinagkakakitaan na nangangailangan ng paghahain nito. Dahil sa aming limitadong kalagayang pinansyal, nahihirapan din po kaming agad na makapagproseso ng iba pang kaukulang dokumento.

Taos-puso po akong humihiling ng inyong pang-unawa at konsiderasyon sa aking aplikasyon. Ang scholarship na ito ay malaking tulong upang maipagpatuloy ko ang aking pag-aaral at mabawasan ang pinansyal na pasanin ng aming pamilya.

Kung kinakailangan po, sisikapin naming makuha at maisumite ang nararapat na dokumento sa lalong madaling panahon.

Maraming salamat po sa inyong pag-unawa at mabuting konsiderasyon.

Lubos na gumagalang,

ROMINA SORIANO MENDIORO
Scholarship Applicant